

CaraBalitaan

Opisyal na tagapamansag ng Philippine Carabao Center para sa National at Regional Impact Zones
Science City of Muñoz, Nueva Ecija | Tomo 5 Blg. 4 | Oktubre–Disyembre 2023



www.pcc.gov.ph



[DA–Philippine Carabao Center](#)



oed@pcc.gov.ph



**Agri workers sa
Rehiyon 2, handa
nang sumuong sa
AI, PD**

3



**445 na magsasaka,
nakapagtapos ng
'CaraWow Radyo
Eskwela sa
Gatasang Kalabaw'
sa CALABARZON**

4

Maalab na pagkakalabawan sa bagong Pilipinas, tampok sa NCC 9

Ni Ronaline C. Canute

DA–PCCNHQGP–Tungo sa mas maalab na pagkakalabawan sa bagong Pilipinas ang itinampok sa pagdiriwang ng 9th National Carabao Conference (NCC) sa Pinamungajan, Cebu noong Oktubre 16–17, 2023.

Kinilala ni Pablo John F. Garcia, representative ng 3rd District ng Cebu, ang mahalagang papel ng kalabaw bilang isang sustainable na kabuhayan sa mga lokal ng Pinamungajan, Cebu.

Sundan sa p.2



#VivaMasaganangAgrikultura. Pinasigla ng mga kabataang Cebuano ang entablado noong 9th National Carabao Conference sa pamamagitan ng isang sayaw na Pinamuohan Festival. Tampok dito ang masaganang ani na hatid ng gatasang kalabaw.

100 crossbred na kalabaw, bida sa Nuang Fest ng San Agustin, Isabela

Ni Ronaline C. Canute

DA–PCCNHQGP–Tinaguriang 'Home of Nuang Festival,' napanatili ng bayan ng San Agustin sa Isabela ang diwa ng kanilang matagal nang tradisyon nang pumarada ang 100 sa pinakamahuhusay nilang crossbred na mga kalabaw noong Setyembre 27, 2023.

Ang parada ay isa sa mga highlights ng pagdiriwang ng "18th Nuang Festival" at ang

"74th Araw ng San Agustin." Ang 'Nuang' ay Ilokanong termino para sa kalabaw.

Inihambing ni Cesar Mondala, municipal mayor ng San Agustin, ang masipag na katangian ng kalabaw sa mga mamamayan ng bayan.

"Kung tutularan natin ang mga positibong katangian ng kalabaw, patuloy na

Sundan sa p.5



Carabao parade, pinasigla ang festival sa Mati

Ni Rodolfo T. Valdez Jr.

DA sa USM–Sa katatapos na "Kabaw sa Kadalanan (Carabao Float Parade)" noong Oktubre 27, buong pagmamalaking ipinakita ng farmer–carabao duos ang kanilang float sa mga lansangan ng Mati City sa Davao Oriental na pinalamutian ng masaganang ani ng lungsod.

Ang Kabaw sa Kadalanan ay itinatampok noong 23rd Sambuokan Festival at 3rd Abunda Festival. Ang kaganapang ito ay naglalayong ipakita ang mga natatanging sining, masaganang ani, at ang mga pagsulong sa sektor ng agrikultura sa Mati.

Ipinahayag ni Mati City Vice Mayor Lorenzo Leon Rabat na ang kaganapang ito ay nagpapakita ng pangako ng pamahalaang lungsod na palakasin ang seguridad sa pagkain para sa mga residente nito.

Nakabilang si Benjamin John C. Basilio, center director ng DA–Philippine Carabao Center sa University of Southern Mindanao (DA–PCC sa USM) sa mga hurado para sa kompetisyon. Pinuri ni Basilio si Mayor Michelle

Sundan sa p.2



Mga magsasaka sa Ifugao, natuto ng pinagbuting pag-aalaga ng kalabaw

Ni Steven Marx Tangonan

DA–PCC sa CSU–Sa hangaring maisulong ang napapanatiling produksyon ng kalabaw at matugunan ang bumababang populasyon ng kalabaw sa lalawigan ng Ifugao, nag-organisa ang Municipal Agriculture Office (MAO) ng Lamut, Ifugao ng isang pagsasanay na pinamagatang “Training on Good Animal Husbandry Practices (GAHP) for Livestock Farmers of Ifugao”.

Ang pagsasanay ay naglalayong itaas ang kamalayan ng mga magsasaka tungkol sa kahalagahan ng produksyon

ng kalabaw at bigyan sila ng kaalaman at kasanayan upang mabisang pangasiwaan at mapanatili ang kanilang mga kawan ng kalabaw.

Ibinahagi ni Dr. Rovina R. Piñera, OIC center director ng DA–Philippine Carabao Center sa Cagayan State University (DA–PCC sa CSU), ang kanyang kadalubhasaan sa "Good Animal Husbandry Practices for Carabao Production," na nagbibigay–diin sa kahalagahan ng wastong nutrisyon at pamamahala sa pagtiyak ng kalusugan at pagiging produktibo ng kalabaw.

"Ang mga kalabaw ay hindi lamang malalim na naka–embed sa ating kultural na pamana ngunit mayroon ding mahalagang

papel sa ating mga gawi sa agrikultura. Kailangan na gawin natin ang lahat ng hakbang upang mapangalagaan ang kanilang populasyon at isulong ang kanilang kagalingan," sabi ni Dr. Piñera.

Si Dr. Phoebe Lyndia Llantada, Science Research Specialist II ng DA–PCC, ay nagbigay ng mahahalagang insight sa "Forage Production, Utilization and Management," na ginagabayan ang mga magsasaka sa mga istratehiya sa paglilinang at pamamahala ng mga forage crops, na nagsisilbing mahalagang bahagi ng diyeta ng kalabaw.

"Ang mataas na kalidad na forage ay mahalaga para mapanatili ang kalusugan at sigla ng ating

kalabaw. Sa pamamagitan ng pagbibigay kapangyarihan sa mga magsasaka na may kaalaman at kasanayan upang mabisang pamahalaan ang paggawa ng forage, masisiguro nating ang kanilang mga kalabaw ay makakatanggap ng sustansyang kailangan nila upang umunlad," paliwanag ni Dr. Llantada.

Pagkatapos ng pagsasanay, ang Munisipalidad ng Lamut at ang mga magsasaka nito ay nagpahayag ng kanilang plano na magsimula ng isang breeding farm ng kalabaw upang mapataas ang populasyon nito. Naglaan na ang munisipyo ng 15–ektaryang lupa para sa planong ito. 🗳️

Carabao parade, pinasigla...

Mula sa p.1

Rabat at ang City’s Agricultural Office dahil sa kanilang walang humpay at patuloy na suporta sa DA–PCC.

Lumahok din sa parada ang Kalaparan Agrarian Reform Beneficiaries Association (KARBA), isang organisasyong suportado ng DA–PCC sa USM, at ipinamalas ang kanilang mga dairy products at crossbred buffaloes.

"Ang kaganapang ito ay nagsisilbing isang plataporma upang maliwanagan ang mga Matinian tungkol sa magkakaibang mga tungkulin ng mga kalabaw. Ang pagpapakita ng gatas ng kalabaw at mga crossbred na kalabaw ay nagpapakita sa publiko ng potensyal para sa pagtaas ng kita at mga benepisyo na higit pa sa kanilang tradisyonal na paggamit sa pagsasaka," sabi ni Nasrola Ibrahim, DA–PCC sa USM Carabao–based Enterprise Development (CBED) program coordinator.

Nagmula sa terminong Mandaya na 'buok,' na nangangahulugang 'isa,' ang Sambuokan ay isang taunang pagdiriwang na nagtataguyod ng pagkakaisa sa mga lokal ng Mati. 🗳️

Future Directions ni Dr. Mercedes Castillo; National Dairy Box Business Group: Ways Forward ni Wendell Amoronio; at Meat Value Chain Business Opportunity Pitch nina Patrizia Camille Saturno at Queenie Ruiz.

Pinangunahan naman ni Zadieshar Sanchez, Chief ng Planning Information and Monitoring Division (PIMD) ng DA–PCC, ang Carabao Industry Stakeholders’ Consultation para iconsolidate at tugunan ang mga concerns ng mga kooperatiba at magkakalabaw.

Isa sa mga highlights ng event ay ang paglulunsad ng Dairy Herd Buildup Project (DHBP), isang proyektong pinondohan ng Office of the Senate Committee on Agriculture, Food, and Agrarian Reform sa pangunguna ni Senator Cynthia Villar, na may layuning paunlarin pa ang local dairy industry.

Sinundan ito ng paglulunsad ng official jingle ng NCC na pinamagatang, ‘Wow Kalabaw’ na binuo ng Applied Communication Section–Knowledge Management Division (ACS–KMD) ng DA–PCC sa pakikipagtulungan sa Brainfreeze Multimedia.

Ang LMPC sa Lamac, Pinamungajan, Cebu ang nag–host ng dalawang araw na kaganapan ngayong taon kung saan 379 magsasaka, kasosyo, at tagasuporta ang dumalo. 🗳️

Agri workers sa Rehiyon 2, handa nang sumuong sa AI, PD

Ni Steven Marx Tangonan

DA–PCC sa CSU–Matagumpay na natapos ang graduation ceremony para sa "Basic Training Course on Artificial Insemination and Pregnancy Diagnosis in Large Ruminants" na ginanap noong Setyembre 29, 2023, sa Department of Agriculture–Agricultural Training Institute–Regional Training Center 02 (DA–ATI–RTC02), Cabagan, Isabela.

Ang training course, na nagsimula noong Setyembre 4, hanggang Setyembre 29, 2023, ay nakitaan ng 20 agricultural extension workers (AEW) mula sa lalawigan ng Cagayan, Isabela, Quirino, at Batanes.

Ang layunin ng pagsasanay ay upang bigyan ang mga dedikadong AEWs ng mahahalagang kasanayan at kaalaman sa artificial insemination (AI).

Ang pagsisikap na ito ay nakikita bilang isang makabuluhang pandagdag–suporta sa mga kasalukuyang programa ng DA–PCC, tulad ng DA–National Livestock Program (DA–NLP) at ang Carabao Development Program (CDP). Ang mga hakbangin na ito ay sama–samang naglalayong pahusayin ang kalidad ng lahi at palakasin ang populasyon ng mga kalabaw at baka, na sa huli ay nag–aambag sa seguridad ng pagkain ng Pilipinas.

Sina Dr. Roberto C. Busania, Regional Technical Director para sa Operations ng DA–RFO2; Claris M. Alaska, DPA, Assistant Center Director ng DA–ATI–RTC02; at Dr. Rovina R. Piñera, OIC Center Director ng DA–PCC sa Cagayan State University ay hinikayat ang mga nagsipagtapos.

"Malaking pera ang ginugol ng gobyerno sa pagsasanay na ito kaya’t huwag hayaang masayang ang mga natutunan at talento na nakuha niyo mula sa pagsasanay na ito," saad ni Dr. Busania.

Bukod dito, inihayag ni Dr. Busania na ang DA ay nakatuon



sa pagbibigay ng mga kagamitan para sa AI sa mga piling munisipyo para mapahusay ang nutrisyon at produksyon ng mga kalabaw at baka sa Rehiyon 2. Itinaas naman ni Alaska ang moral ng mga nagsasanay sa pamamagitan ng pagbibigay–diin sa kanilang tungkulin sa knowledge at technology transfer.

"Stretch out your services to the agricultural industry. Ituring niyo ito bilang bagong simula ng pagpapalaganap ng AI sa inyong mga nasasakupan. Kayo ang inaasahan ng DA–PCC na magdadala ng mga makabagong pamamaraan at teknolohiya sa mga minamahal nating magsasaka," ani Alaska.

Samantala, pinuri ni Dr. Rovina R. Piñera ang matagumpay na pagtutulungan ng DA–RFO2, DA–ATI–RTC02, at DA–PCC.

"Alone we can do so little, but together we can do so much. Coming together is a beginning, keeping together is progress, working together is success," saad ni Dr. Piñera.

Zambo Sibugay koop, nakatanggap ng gatasang kalabaw

Ni Dorie D. Bastatas

DA–PCC sa MLPC–Nakatanggap ang mga miyembro ng Logan Coconut Farmers Association (LCFA) sa Ipil, Zamboanga Sibugay ng ikalawang batch ng mga gatasang kalabaw noong Nobyembre 10, 2023.

Ang LCFA ay kabilang sa mga benepisyaryo ng Coconut–Carabao Development Project (CCDP) at ng Philippine Coconut Authority (PCA) sa DA–Philippine Carabao Center sa Mindanao Livestock Production Center (DA–PCC sa

MLPC).

Ang turn–over ay pinangasiwaan ni Dr. Cecelio G. Velez, ang Center Director ng DA–PCC sa MLPC, at ni Jessie G. Patcho, Senior Agriculturist ng PCA, ang pamamahagi.

Ang proyektong ito ay pinondohan ng Senate Committee on Agriculture, Food, and Agrarian Reform, sa pangunguna ni Senator Cynthia Villar na may layuning pmapaunlad, at makatulong na

Ang mga kalahok mismo ay nagbahagi ng kanilang pasasalamat at sigasig para sa pagsasanay. Binigyang–diin ni John Dave D. Salvador mula sa Basco, Batanes, kung paanong ang pagsasanay na ito ay matagal nang hinihintay sa kanyang probinsiya at ipinahayag ang kanyang pangako na ibalik ang mahahalagang kasanayang ito sa kanyang komunidad.

Ibinahagi rin ni Gabby M. Zamora mula sa Diffun, Quirino, ang kanyang pananabik tungkol sa paggamit ng kanyang bagong kaalaman upang makinabang ang mga lokal na magsasaka at kanilang mga alagang hayop.

"Nadagdagan pa ang aking kaalaman sa pag–aalaga at pagpaparami ng mga alagang kalabaw. Sabik na akong maibahagi ang aking mga natutunan sa mga magsasaka sa aming bayan upang malaman din nila ang mga bagong teknolohiya sa pagpaparami ng kanilang mga alaga," saad ni Zamora.

Si Ian Paul V. Septimo mula sa Gonzaga, Cagayan, ay labis na natuwa sa kalidad ng pagsasanay na ibinigay ng DA–ATI at nagpahayag ng pasasalamat sa mga kagamitang natanggap upang suportahan ang kanilang patuloy na pagsisikap sa AI.

"Nagpapasalamat ako sa DA–ATI, DA–RFO2, at DA–PCC sa pamamahagi ng mga equipment upang masigurong hindi masasayang ang aming natutunan sa training na ito at upang maipagpatuloy namin ang AI sa aming mga lugar," dagdag ni Septimo.

Ang seremonya ng pagtatapos na ito ay kumakatawan sa isang makabuluhang hakbang pasulong sa pagpapahusay ng industriya ng paghahayupan sa Rehiyon 2 at nagpapakita ng potensyal para sa pagtutulangang pagsisikap na magdala ng positibong pagbabago sa agrikultura at seguridad sa pagkain. 🗳️

Maalab na pagkakalabawan...

Mula sa p.1

Pinuri rin niya ang pagsisikap ng kooperatiba na tumulong at mapabuti ang kalidad ng buhay ng kanilang mga miyembro at magsasaka, gaya ng Lamac Multi–Purpose Cooperative (LMPC).

Ang Department of Agriculture–Philippine Carabao Center (DA–PCC) at ang National Dairy Box Business Group sa pakikipagtulungan sa LMPC, isang conduit koop sa ilalim ng Carabao–based Business Improvement Network (CBIN), ang nanguna sa pag–organisa ng NCC ngayong taon.

Ang NCC ay isang taunang kumperensya na naglalayong pagsama–samahin ang mga kalahok, caretakers, at lahat ng stakeholders sa industriya ng pagkakalabawan. Nagsisilbi rin itong forum para sa pagpapalaganap ng mga mahahalagang kaalaman sa inobasyon, ideya, at mga pinakamahusay na kasanayan sa pagkakalabaw.

“Ipinagamalaki naming sabihin na dahil sa tulong ng DA–PCC, ang mga magsasaka dito sa Pinamungajan ay nagiging empowered sa kanilang kabuhayan. Alam na nila ngayon na may mas malaking pagkakakitaan pala sa kalabaw maliban sa pagbubungkal ng kanilang mga lupain,” ani Ana Jessica Baricuatro, mayor ng Pinamungajan, Cebu.

Sa temang, “Pagbabagong Mukha at Sigla, Maalab na Pagkakalabawan sa Bagong Pilipinas,” inisa–isa sa kumperensya ang mga pagsisikap at kontribusyon ng lahat ng value–chain key players.

Sa isang parte ng programa na “Kwentong Maalab na Pagkakalabawan: A Progress Briefer on the CDP,” itinampok ni Dr. Caro B. Salces, OIC–Executive Director ng DA–PCC ang mga updates at tagumpay ng Accelerating Livelihood and Assets Buildup o (ALAB)–Karbawan projects, Dairy Box, retort milk facilities, CBIN at CCDP projects, at iba pa.

“Salamat kay Senator Villar sa pagpondo sa aming mga programa, at salamat din sa aming mga partners at mga NCC speakers na nagbahagi ng kanilang kwentong tagumpay at pagbabago.

Mga kwentong pagbabago nga mga carabao farmers, kooperatiba, at kanilang mga komunidad ang itinampok sa pamamagitan ng techno–product exhibition at plenary sessions gaya ng: Pagbabagong Mukha sa Kanayunan, Championing Community Empowerment through Carapreneurship nina Annalyn Tade, Richard Reyes, at Grace Boyles; Pagbabagong Mukha sa Kooperatiba, Cooperative Development and Sustainability by Joseph Nathaniel Caguimbal at Richard Hidalgo; Pagbabagong Sigla tungo sa Makabuluhang Pamamahala, Fostering Progressive Partnership with the LGUs through the CBIN/CCDP Cooperative Conduits nina Dr. Stella Lapiz at Engr. Blas Lamug; Maalab na Pagkakalabawan, The Role of Cooperatives and Partners in Scaling Up the Carabao Industry ni Cresente Paez; Cooperative Resiliency and Management Program ni Ruth Ramirez; The National Milk Feeding Program:

445 na magsasaka, nakapagtapos ng ‘CaraWow Radyo Eskwela sa Gatasang Kalabaw’ sa CALABARZON

Ni Jeremie Marinella S. Ledesma

DA-PCC sa UPLB–Kinilala ng Department of Agriculture–Philippine Carabao Center sa University of the Philippines Los Baños (DA-PCC sa UPLB) at ng Department of Agriculture – Agricultural Training Institute (DA-ATI) CALABARZON, ang 445 farmer enrollees na nakapagtapos ng School-on-the-Air on Dairy Buffalo Production (SOA-DBP) noong Oktubre 13, 2023, sa Baker Hall, UP Los Baños

Ang kauna-unahang programa ng SOA-DBP sa rehiyon, na tinaguriang "CaraWow! Radyo Eskwela sa Gatasang Kalabaw," ay isinagawa mula Hunyo hanggang Agosto 2023.

Layunin nitong maghatid ng impormasyon tungkol sa pag-aalaga ng dairy buffalo, pinakabagong teknolohiya, at mga oportunidad sa negosyo. Natutunan ng mga nagsipagtapos ang tungkol sa pamamahala ng kalabaw, nutrisyon, kalusugan at pagpapalahi, mga pamamaraan ng paggatas, pagsusuri sa kalidad ng gatas, at mga negosyong nakabatay sa kalabaw.

Ang mga farmer-enrollees, na kinatawan nina G. Celerino Genuino (Cavite), G. Ruben Rubina (Laguna), at Ms. Runabet Abanico (Batangas), ay nagpahayag ng kanilang pasasalamat sa pagpapatupad ng programa at sa kanilang bagong kaalaman sa pag-aalaga ng dairy buffalo. Ibinahagi ni Ms. Violeta Rayos ng Manggalang Agrarian Reform Beneficiaries Cooperative (MARBENCO) ang kanilang pangakong suporta sa Carabao Development Program (CDP) at hinikayat ang mga kapwa magsasaka-enrollees

na magtulungan para sa tagumpay. Binati ng mga kinatawan ng mga pamahalaang panlalawigan ng Cavite, Batangas, at Quezon ang mga nagsipagtapos at nagpahayag ng pasasalamat sa mga ahensya at local government units (LGUs) sa kanilang suporta. Umaasa sila na ang ibinahaging kaalaman ay mag-uudyok sa mga magsasaka na makisali sa industriya ng kalabaw at pagawaan ng gatas sa kani-kanilang mga lalawigan.

Si Senator Cynthia A. Villar, chairperson ng Senate Committee on Agriculture, Food, and Agrarian Reform, sa isang recorded video message, ay nagpahayag ng kanyang pasasalamat sa DA-ATI CALABARZON at DA-PCC sa UPLB, na binigyang-

diin na ang programa ng SOA ay namamahagi sa mga farmer-enrollees ng mga mahahalagang impormasyon upang simulan ang pagkakalabaw para sa karagdagang kita, pagpapabuti ng produksyon ng pagawaan ng gatas at pagtaas ng lokal na suplay ng gatas.

Si Dr. Eric P. Palacpac, Chief ng Knowledge Management Division (KMD) ng DA-PCC National Headquarters, ay nagpahayag ng pasasalamat sa mga katuwang ng ahensya (DA-ATI, DA-RFO, at LGUs). Binigyang-diin niya ang mahalagang papel ng mga fresh graduates sa lokal na industriya ng kalabaw at pagawaan ng gatas at ang kanilang kontribusyon sa mga layunin ng gobyerno, tulad ng pagtaas ng lokal na suplay ng gatas at pagsuporta sa milk feeding programs.

Si DA-PCC sa UPLB Center Director, Dr. Thelma A. Saludes ay nagpaabot ng kanyang pasasalamat sa mga kasosyo at binigyang-diin ang mahalagang papel ng mga nagtapos bilang mga pangunahing players sa mga programa sa gatas, pagtaas ng suplay ng gatas sa bansa, at pagpapabuti ng katayuan sa nutrisyon ng mga batang Pilipino.

Sa kanyang pangwakas na pananalita, ipinagdiwang ni Dr. Rolando V. Maningas, DA-ATI CALABARZON Center Director, ang tagumpay ng mga dairy farmers at hinikayat ang mga nagtapos na ibahagi ang kanilang kaalaman at mag-ambag sa masaganang agrikultura at maunlad na ekonomiya.

"Mabuhay ang mga dairy farmers ng CALABARZON!" pagtatapos ni Maningas. 🐮



Zambo Sibugay koop...

Mula sa p.3

kanyang pasasalamat sa pagiging isa sa mga tatanggap.

Aniya, "aalagaan natin ng mabuti ang mga hayop upang sa hinaharap ay makapagbibigay ito ng karagdagang kita sa atin."

Kabilang sa mga dumalo sa

programa ay sina Fe Emelda C. Academia, Carabao Based Enterprise Development program coordinator; Alexander S. Mira, Community Development Officer ng PCA; Josephine Mendoza, Project Development Officer, Heracleo S. Montiel III, Artificial Insemination technician; at mga

magsasaka.

Nabahagian din ng mga kaalaman ang mga nakatanggap ng mga kalabaw ng pangunahing pagsasanay para sa pamamahala ng kalabaw bilang bahagi ng tulong ng PCC.

Samantala, tutulungan ng conduit cooperative ang mga miyembro ng magsasaka sa pagbibigay ng access sa magandang kalidad ng mga hayop at teknikal na suporta para sa produksyon ng kalabaw, pag-aanak, kalusugan ng hayop, koleksyon at paghawak ng gatas, pagproseso at marketing. 🐮

Challenge accepted: tugon ng mga VBAITs sa pagpapahusay ng reproductive efficiency

Ni Mikee Antonio

DA-PCC sa CLSU–Labinlimang artificial insemination (AI) technicians mula sa iba't ibang rehiyon ng Luzon ang nagtipon para sa isang komprehensibong programa sa pagsasanay sa theoretical lectures at practical assessments.

Bilang bahagi ng Genetic Improvement Program (GIP) ng Department of Agriculture–Philippine Carabao Center (DA-PCC), ang mga AI technicians mula sa iba't ibang local government units (LGUs) at village-based artificial insemination technicians (VBAITs) sa buong Pilipinas ay patuloy na nagseserbisyo upang tumaas ang annual AI services para sa mga kalabaw.

Mula Setyembre 18 hanggang Oktubre 7, 2023, matagumpay na nagsagawa ang DA-PCC sa Central Luzon State University (DA-PCC at CLSU) ng 20 araw na programa sa pagsasanay na pinamagatang "Intensified Reproductive Management Program Towards

Improving Reproductive Efficiency in Water Buffaloes" sa DA-PCC National Bull Farm (NBF) sa Digidig, Carranglan, Nueva Ecija.

Binigyang-diin ni Dr. Edwin C. Atabay, national AI Coordinator, ang isang Triple "E" strategy: pagpapahusay sa rate ng pagbubuntis, pagpapatupad ng isang epektibong programa sa rebreeding, at maagang pagtuklas ng pagbubuntis. Binalangkas niya na ang pangunahing layunin ng programa ay upang mapabuti ang rate ng pagbubuntis ng mga water buffalo sa bansa, na umaayon sa responsibilidad ng ahensya na palaganapin at protektahan ang mga species.

Sa isa sa kanyang mga lectures at demonstrasyon, ipinahayag ni Erwin C. Encarnacion na ang hamon ay nagsisimula kapag nagsasanay bilang technician at ang tagumpay ng programa ay nagpapatuloy kapag paghusayin pa ang reproductive efficiency ng mga kalabaw sa bansa.

Hinikayat din ni Hernando V. Venturina, madalas na tinatawag na ama ng AI sa DA-PCC, at dating pinuno ng NBF, ang mga AI technicians na magtulungan sa pagkamit ng misyon, pananaw, at mandato ng ahensya.

Isa sa mga kalahok na si Dante A. Esalan na mula pa sa PVO Laguna, ay nagbahagi ng kanyang mga

karanasan. Mahigit 2,000 kalabaw at baka ang naserbisuhan niya, ngunit nahamon siya nang magsanay sa NBF. Binigyang-diin ni Dante na mas nahahasa pa ang kanilang kakahayan sa AI sa pamamagitan ng pakikilahok sa mga kasanayan at pakikipag-ugnayan sa mga kapwa technicians. 🐮



100 crossbred na kalabaw...

Mula sa p.1

uunlad ang ating komunidad," sabi ni Mayor Mondala.

Ang pagtaas ng bilang ng mga crossbred carabao sa San Agustin ay naging posible sa pamamagitan ng patuloy na pagsisikap ng local government unit ng bayan na gamitin ang artificial insemination (A.I.) bilang isang paraan upang mapabuti ang lahi ng kalabaw.

Libu-libong mga may-ari ng kalabaw ng bayan ang nakipagtulungan sa DA-PCC at sa iba't ibang ahensya para sa programang crossbreeding.

Nagpahayag si Engr. Blas Lamug, retired municipal agriculturist ng San Agustin at ngayon ay nagsisilbing chairperson ng SADACO Multi-Purpose Cooperative (SMPC) ay nagpahayag ng kanyang pasasalamat sa mga pinuno ng bayan at sa DA-PCC sa walang sawang suporta sa pagpapabuti ng dairy industry sa San Agustin.

Sa pagpapatupad ng Carabao-based Business Improvement Network (CBIN) program, na pinondohan ng Office of the Senate Committee on

Agriculture, at ang tuloy-tuloy na carabao upgrading program ng DA-PCC, may makabuluhang pagtaas sa populasyon ng kalabaw sa kalapit na lalawigan gaya ng Quirino at Nueva Vizcaya ang nakita. Ito ay matapos ang pagpapatayo ng dalawang pasilidad sa pagproseso at pagmemerkado ng gatas ng kalabaw.

Ang San Agustin ay may tradisyon ng pagdaraos ng mga kumpetisyon sa mga kalabaw sa mga sumusunod na kategorya: Best Milking Cow, Best Carabao (inahin), Best Draft (male), Best Talent, and Best Dressed (female).

Isang patimpalak naman sa pagluluto gamit ang gatas o karne ng kalabaw bilang pangunahing sangkap ang ginanap sa auditorium ng bayan.

Ang mga may-ari ng nanalong carabao crossbreds at winning recipe ay nakatanggap ng cash prizes. Binigyan din ng tig-PHP500 ang mga magsasaka na lumahok sa parada bilang insentibo. 🐮





OUTSTANDING DAIRY BUFFALO FARMERS, CO-OP, VBAIT, BULL RECIPIENT, BEST DAIRY BUFFALO COWS, HUWARANG JUANA, AT HUWARANG KABATAAN

Outstanding DAIRY FARMER FAMILY MODULE CATEGORY



DANILO B. PERALTA, JR.

DA-PCC National Dairy Buffalo Herd (San Jose City, Nueva Ecija)

Noong 2022, si Danilo ay nakapagtala ng 5,520.73 kilo na aning gatas na nagkakahalaga ng PHP432,000. Naging malaking tulong ito sa pag-unlad ng kanilang pamumuhay, lalo na sa pag-aaral ng kanyang mga anak at nakapagpundar din sila ng motor na may sidecar na ginagamit niya sa pagkuha ng pagkain ng kalabaw at sa paghahatid ng gatas sa collection center.

Bukod sa pag-aalaga ng gatasang kalabaw, hindi problema ni Danny ang pagpapalahi ng kanyang mga kalabaw dahil isa rin siyang village-based artificial insemination technician (VBAIT) at nakatutulong din siya sa iba pang kasapi ng kooperatiba na nangangailangan ng serbisyo ng AI technician. 🏆

Outstanding DAIRY FARMER SEMI-COMMERCIAL CATEGORY



JOSEPH NATHANIEL E. CAGUIMBAL

DA-PCC sa University of the Philippines-Los Baños (Rosario, Batangas)

Si Joseph ay isang kabataang nagpapahalaga sa pamilya at industriya ng paggagatasan. Sa kabila ng iba't ibang mga oportunidad para sa kabataan, mas pinili niyang suportahan at payabungin ang pangarap ng kanyang pamilya at kooperatiba para mas umunlad ang kanilang komunidad.

Noong 2022 ay nakapagbenta sila ng humigit-kumulang 1,272 litro ng gatas at kumita ng PHP119,813 kada buwan. Nakapagtala sila ng kabuuang kita na PHP1,437,755.76 at netong kita na PHP951,886. Ang kanilang return on investment ay umabot ng 195.91 porsiyento.

Isa silang modelong pamilyang maggagatas na nagsusulong ng pag-unlad ng kooperatiba at pamayanan. 🏆

Outstanding VILLAGE-BASED ARTIFICIAL INSEMINATION TECHNICIAN



EDGARDO DC. ANGELES

DA-PCC sa Central Luzon State University (Floridablanca, Pampanga)

Nagsanay sa pagsasagawa ng AI si Edgardo sa DA-PCC noong August 2011 kung saan nagsimula na rin siyang mag-AI.

Noong 2021, nasa kabuuang 502 ang AI services na nagawa ni Edgardo, na may 403 na naipanganak na bulo o 80.27% calf drop sa taong 2022.

Dahil sa kinikita niya sa pagiging AI technician, naipaayos na nina Edgardo ang kanilang bahay na dati ay gawang sawali o kugon lamang. 🏆

Outstanding BULL RECIPIENT



MARIO D. CLAVO

DA-PCC sa University of the Philippines-Los Baños (Sipocot, Camarines Sur)

Napahiraman si Mario ng una nyang bull na si 2UP10020 noong July 23, 2012 mula sa DA-PCC sa tulong ng lokal na pamahalaan ng Sipocot, Camarines Sur. Makalipas ang ilang taon ay matagumpay niyang nagampanan ang mga responsibilidad niya bilang bull handler kaya naigawad sa kanya ang una nyang bulugan.

Noong December 29, 2019, nabigyan ulit sya ng bagong bull, si 2UP17009, na sa loob ng isang taon ay nakapagbigay ng 121 serbisyo noong 2021 at may 64 na paanak o 52% calf drop noong 2022. Muli, matagumpay na naigawad sa kanya ang bulugan noong July 6, 2022. 🏆

Outstanding DAIRY FARMER COMMERCIAL CATEGORY



DOMINIC P. PACLIBAR

DA-PCC sa University of Southern Mindanao (M'lang, North Cotabato)

Tinatamasa na ni Dominic Paclibar ang biyayang hatid ng negosyong salig sa kalabaw. Gamit ang mga natutunan sa iba't ibang pagsasanay sa pagkakalabaw, napaunlad ni Dominic ang kanyang kawan na ipinagkaloo ng DA-PCC sa USM at naitatag niya ang kanyang sariling D & L Dairy Farm noong May 2019.

May lawak na 17 na ektarya ang D & L Dairy Farm kung saan nakalagak ang kanyang mahigit 60 na kalabaw. Sa taong 2022, nakapagtala si Dominic ng mahigit 10,000 litrong gatas na nakolekta at umabot sa mahigit PHP34 milyon ang halaga ng kabuuang kita niya mula rito. 🏆

Outstanding DAIRY COOPERATIVE



THE ROSARIO LIVESTOCK AND AGRICULTURE FARMING COOPERATIVE (TRLAFCO)

DA-PCC sa University of the Philippines-Los Baños (Rosario, Batangas)

Nagsimula sila sa 29 na magkakalabaw noong taong 2012 bilang isang asosasyon ng Rosario, Batangas. Ngayon ay binubuo na sila ng 92 na magkakalabaw at maggagatas sa mga bayan ng Rosario, San Juan, at Taysan Batangas. Noong 2022, ang koop ay may kabuuang kita na PHP33,829,426 na may netong PHP3,412,495. Ang nabili nilang gatas sa mga miyembro ay umabot sa 167,163 litro na nagkakahalaga ng PHP10,520,565.

Ang TRLAFCO ngayon ang nagsisilbing tagapagsanay at modelo ng mga nagsisimulang manggagawa ng gobyerno, ahensya, maggagatas, asosasyon, at kooperatiba sa iba't ibang rehiyon ng bansa. 🏆

Best DAIRY ANIMAL PUREBRED-SENIOR COW



2UMC19034

OWNER: RODEL B. ESTAÑOL

DA-PCC sa University of Southern Mindanao(Surallah, South Cotabato)

Isa ang kalabaw na si "Bujit" o 2UMC19034 sa nagbibigay ng saya sa pamilya Estañol. Sa edad nitong limang taon ay nakapagbigay na ito ng dalawang anak sa kanila. Sa katunayan, nakapagbigay ito ng 10.69 na litrong gatas kada araw noong 2021 dahilang upang maitanghal itong Best Dairy Buffalo - Purebred-Junior Cow Category 2nd runner up noon.

Ngayong taon, nanganak ulit si Bujit noong Hunyo at ngayon ay nagbibigay ng 10.72 liters kada araw. Dagdag pa ryan, nasa anim na buwan nang buntis si Bujit at inaasahang manganganak sa darating na Hulyo.

Ang tandem ni Bujit at ng pamilya Estañol ang patunay na kapag tama ang pag-aalaga at pamamahala sa alagang kalabaw, magbubunga ito ng mataas na produksyon ng gatas. 🏆

Best DAIRY ANIMAL CROSSBRED-JUNIOR COW



5UMC21038

OWNER: ARTHURO MADRIGAL SR.

DA-PCC sa University of Southern Mindanao (Matanao, Davao del Sur)

Noong taong 2021, isa si Arturo Madrigal, Sr. sa mapalad na napili ng Inyam Pintuan Asbang Multi-Purpose Cooperative sa Matanao, Davao del Sur bilang isa sa mabibigyan at mag-aalaga ng kalabaw.

Noong 2022, nakapagbigay si Pa-lo, ang kanyang alaga, ng 3,092 na litrong gatas sa loob ng 288 milking days o 10.74 litrong gatas kada araw.

Naging mas sigla ang pamilya Madrigal nang makita at mahawakan ng mga ito ang kita mula sa kanilang alagang kalabaw dahil alam nilang may pag-asa sa gatas. Mula noon, mas tinututukan na nina Arturo ang pag-aalaga ng kanilang kalabaw upang mas mataas pa ang maibigay nitong gatas sa kanila. 🏆

Best DAIRY ANIMAL CROSSBRED-SENIOR COW



6MMC21312

OWNER: RHOMMEL C. GAMPONIA

DA-PCC sa Mariano Marcos State University (Badoc, Ilocos Norte)

Sa edad na mahigit tatlong taon, nagawa nitong manganak ng dalawang beses at nakapagbigay ng 2,577.1 litrong gatas. Katumbas nito ay ang malaking kita at pakinabang sa tagapag-alaga at nagmamay-ari nito na si Rhommel Gamponia.

Ang kanyang kalabaw ay nanganak noong Agosto 24, 2021, Setyembre 16, 2022 at ang sumunod nitong panganganak ay noong Nov. 8, 2023 base sa kanyang breeding record. Kung tutuusin, taun-taon nanganganak ang kanyang kalabaw.

Inaaply din ni Rhommel ang mga teknolohiyang itinuturo ng DA-PCC gaya ng silage making. Nagbuburo siya ng damo na siya niyang ipinapakain sa mga alaga lalo na sa panahon ng tag-araw. 🏆

Best DAIRY ANIMAL PUREBRED-JUNIOR COW



2LSC19003

OWNER: GABRIEL F. MODINA

DA-PCC sa Visayas State University (Baybay City, Leyte)

Noong 2011, naging miyembro si Gabriel ng Baybay Dairy Cooperative, isa sa mga inaasistehang kooperatiba ng DA-PCC sa Visayas State University (DA-PCC sa VSU). Isa rin siya sa mapalad na napahiraman ng gatasang kalabaw ng DA-PCC.

Sa kasalukuyan, patuloy niyang ginagatasan ang kanyang kalabaw na kanyang ibinebenta sa kanilang kooperatiba. Pinagtuunan niya ng pansin ang pagpapataas ng produksyon ng gatas ng kanyang alaga habang pinapanatili ang magandang kalidad nito. Sinisiguro rin niya na maayos ang kalusugan ng kanyang mga inaalagaang kalabaw.

Ang kanyang alagang kalabaw na si 2LSC19003 ay nakapagbigay ng 1855.22 litrong gatas sa loob ng isang lactation period noong 2022. 🏆

Huwarang JUANA SA KALABAWAN PUREBRED-SENIOR



OLIVIA Z. PALAZO

DA-PCC sa Don Mariano Marcos Memorial State University (Alaminos, Pangasinan)

Hindi hadlang ang kasarian upang maabot ang tagumpay sa larangan ng paghahanap-buhay.

Siya ang naitalagang AI Technician sa buong siyudad ng Alaminos. At ngayon nga ay tanyag siya bilang si "Babaeng Mambubuntis."

Siya rin ang kasalukuyang presidente ng kanilang samahan na Alaminos City Carabao Raisers Association (ACCRA). Nagsisilbi siyang role model ng mga bagong kasapi pagdating sa tamang pamamaraan at pagpapanatili ng mataas na kalidad na gatas ng kalabaw. Nakapagtala si Olivia ng kita na PHP494,210 mula sa gatas noong 2021 hanggang 2022 habang kumita naman siya ng mahigit isang milyon mula sa pagseserbisyo ng AI sa mga kalabaw at baka sa kanyang nasasakupan noong 2022.

Para kay Olivia, sadyang natural na maalaga ang mga kababaihan ng gatasang kalabaw. Parang anak ang turing niya sa kanyang mga alaga kaya't ganoon na lamang ang balik na biyaya ng mga ito sa kanilang pamilya. 🏆

Huwarang KABATAAN SA KALABAWAN PUREBRED-SENIOR



LESTER M. ALAGAR

DA-PCC sa University of the Philippines-Los Baños (Rosario, Batangas)

Si Lester ay isang aktibong AI technician na nagseserbisyo sa mga bayan ng Rosario, Ibaan, Taysan at Padre Garcia sa Batangas. Labing-siyam na taong gulang lamang siya nang magsanay sa pag-a-AI sa DA-PCC sa University of the Philippines-Los Baños (DA-PCC sa UPLB).

Si Lester ang tinaguriang pinakabata at pinaka-epektibong AI technician ng kalabaw at baka sa Timog Luzon noong nagsisimula pa lamang siya. Dahil na rin sa pag-a-AI ay nagawa niyang sustentuhan ang kanyang pag-aaral. Para sa kanya, naging sulit ang ibinabayad sa kanya kapag nakikita niyang masaya ang may-ari habang tinitingnan ang bulo na naipanganak dahil sa pag-a-AI niya. Sa 59 na nasemilyahan niyang kalabaw, nagkaroon siya ng 25 paanak. Ang nagiging kita niya ngayon ay umaabot ng PHP10,000 hanggang PHP15,000 kada buwan sa pagseserbisyo ng AI lamang. Sa paggagatas naman, halos 1,200 litro ng gatas kada buwan ang dinadala nila sa koop at kumikita sila ng halos PHP95,000 kada buwan.

Mula sa kanyang kinikita ay nagawang makapagpundar ni Lester ng mga sarili niyang kagamitan tulad ng computer set, mobile phone, motor, tricycle at nakapagtabi ng kaniyang mga ipon. 🏆

Abangan sa susunod na isyu:

Ik-31 anibersaryo ng DA-PCC



Cara-Aralan Series: Gabay sa wastong pangangalaga ng gatasang kalabaw



Pangasinan dairy koop, 2023 Productivity Olympics nat'l finalist

Ni Maximo A. Peralta, Jr.



DA-PCC sa DMMMSU-Itinanghal ang Bantog Samahang Nayon Multi-Purpose Cooperative (BSNMPC), isang ko-op na inaasistehan ng DA-Philippine Carabao Center sa Don Mariano Marcos Memorial State University (DA-PCC sa DMMMSU) bilang pambansang finalist sa 2023 Productivity Olympics awarding ceremony na ginanap sa Crowne Plaza Galleria sa Ortigas City noong Oktubre 19.

Ang Productivity Olympics ay isang pambansa at biennial competition na inorganisa ng National Wages and Productivity Commission (NWPC) sa pakikipag-ugnayan sa Regional Tripartite Wages and Productivity Boards (RTWPBs) sa buong bansa, sa ilalim ng Department of Labor

and Employment (DOLE). Ang nasabing kompetisyon ay naglalayong isulong ang produktibidad, pasiglahin ang malusog at positibong kompetisyon, at kilalanin ang pinakamahusay na micro, small, and medium enterprises (MSMEs) sa mga tuntunin ng produktibidad.

Sinuri ang mga negosyo batay sa kahusayan sa negosyo, pakikipag-ugnayan ng empleyado, pagbabago at green programs, at corporate social responsibility.

Ayon kay Rolly Mateo, Sr., chairperson ng BSMPC, masaya silang manalo sa regional level, ngunit tuwang-tuwa sila nang malaman na nakapasok sila sa national finals. Sinabi ni

Mateo na aminadong hindi pa sila handa para sa kumpetisyon ngunit ang pagkilala ang nagpalakas sa kanila bilang isang grupo.

Ipinaabot din ni Mateo ang kanyang lubos na pasasalamat sa DA-Philippine Carabao Center (DA-PCC) sa pagiging consistent enabler at supporter ng koop.

“Syempre po, gusto kong magpasalamat sa DA-PCC kasi sila naman talaga ang dahilan kung bakit kami nandito ngayon,” pasasalamat ni Mateo.

Sa pakikipagtulungan ng DA-PCC sa DepEd at DSWD para sa Milk Feeding Program, aktibong nagsusuplay ng gatas ng kalabaw ang kooperatiba mula

2020 hanggang sa kasalukuyan, na nagkakahalaga ng PHP177 milyon.

Bukod sa mga produktong nakabatay sa gatas na kanilang inaalok, tulad ng fresh, pasteurized, at chocolate milk, flavored yogurt milk drinks, polvoron, espasol, at pastillas de leche, ang BSNMPC ay nakipagsapalaran din sa pagbebenta ng karne ng kalabaw tulad ng karabeef bulalo, skinless longganisa, at tapa sa chili garlic.

Lahat ng kanilang dairy buffalo products ay available sa kanilang Dairy Box outlet na matatagpuan sa Bantog, Asingan, Pangasinan. 🐄

Patnugutan

Patnugot | ERIC P. PALACPAC, ROWENA S. GALANG

Tagapamahala ng Patnugot | RONALINE C. CANUTE

Mga Manunulat | RONALINE C. CANUTE, MIKEE A. ANTONIO, JEREMIE MARINELLA S. LEDESMA, RODOLFO T. VALDEZ JR, STEVEN MARX B. TANGONAN, DORIE BASTATAS, MAXIMO A. PERALTA, JR.

Layout at Ilustrasyon | REI-MAR D. AGUINALDO

Tagapamahala sa Sirkulasyon | RONALINE C. CANUTE, REI-MAR D. AGUINALDO

Tagapayo | CARO B. SALCES

I-scan ang mga sumusunod na QR code upang makita ang iba pang babasahin ng DA-PCC at mabisita virtually ang DA-PCC National Headquarters at Gene Pool.



K-Portal

Ang Knowledge Portal o K-Portal ay nagsisilbing e-platform na daluyan ng iba't ibang mga knowledge products mula sa Knowledge Management Division ng DA-PCC.



DA-PCC Virtual Tour

Maaari naring silipin ang aming National Headquarters at Gene Pool para malaman ang iba't ibang pasilidad at mga serbisyong hatid ng ahensya sa pamamagitan ng isang virtual tour.

CaraBalitaan

Ang CaraBalitaan ay isang pahayagan ng Department of Agriculture-Philippine Carabao Center (DA-PCC) na inilalathala isang beses kada dalawang buwan para sa mga kliyente nitong magsasakang maggagatas mula sa National at Regional Impact Zones. Naglalaman ito ng mga balita, istorya ng tagumpay, natatanging mga gawain at modernong teknolohiya na may kinalaman sa pag-aalaga at paggagatas ng kalabaw.



Department of Agriculture
PHILIPPINE CARABAO CENTER
CERTIFIED ISO 9001:2015 | ISO 14001:2015 | ISO 45001:2018